# ANG NATIONAL LAND USE ACT (NLUA)

*Isang hinaharap na ligtas para sa lahat sa pamamagitan ng wastong pag-gamit sa lupa*

*©John Renzo Aledia from Pexels*

## NLUA? ANO 'YUN?

Ito ay panukalang batas na **magpapatibay sa wastong alokasyon at pagpaplano ng pag-gamit sa lupa** pati na rin ang pangangasiwa at pagpapaunlad nito.

## NASAAN NA ANG NLUA SA KAMARA AT SENADO?

**Tatlong dekada nang nakabinbin ang NLUA sa Kongreso**. Ngayong 19th Congress, nakabinbin pa rin ito lalo na sa Senado:

***Senate Bill 374:***

- First Reading
- **Committee Level**
- Committee Report
- Period of Interpellations and Amendments
- Second Reading
- Third Reading

***House Bill 8162:***

- First Reading
- Committee Level
- Committee Report
- Period of Interpellations and Amendments
- Second Reading
- **Third Reading**

# KAILANGAN PA BA NATIN 'YANG NLUA NA 'YAN?

Oo naman!

1. Habang dumadami ang bilang ng populasyon, **lumiliit naman ang espasyo para sa pagsasaka, pabahay, at pangkabuhayan**;
2. Tugon ito sa banta ng pagbabago ng klima sa pamamagitan ng **pagprotekta sa kalikasan**; at
3. **Mapag-uugnay nito ang mga plano sa lupa** ng iba't-ibang lokal na pamahalaan sa bansa.

Ang maayos na pagkakategorya ng lupa ay magsisilbing gabay sa pagpapaunlad ng mga komunidad at pag-iwas sa mga alitang may kinalaman sa lupa.

# KATEGORYA NG PAGPAPLANO SA GAMIT SA LUPA (LAND USE PLANNING)

### PROTECTION LAND USE

**Pangangalaga at rehabilitasyon sa mga likas yaman at sistemang nagbibigay buhay o life-support systems ng bansa.**
*(Hal., protected areas, prime agri lands)*

### PRODUCTION LAND USE

Pag-gamit sa mga **lupaing sakahan, palaisdaan, agroforesty, pagpapastol, industriya, at turismo.**
*(Hal., prime agri lands)*

### SETTLEMENTS DEVELOPMENT

Pagpapaunlad ng mga kasalukuyang **pormal at impormal na espasyo para sa pabahay** o pagtatatag ng mga bagong tirahan at **espasyo para sa mga batayang serbisyong panlipunan.**
*(Hal., pabahay para sa maralitang lungsod)*

### INFRASTRUCTURE LAND USE

Pag-gamit ng lupa para sa **pagbibigay ng mga batayang serbisyo at pangangailangan ng mga Pilipino.** Kasama dito ang **transportasyon, komunikasyon, patubig, atbp.**

# MGA MAHAHALAGANG PROBISYON NG NLUA NA ATING ISINUSULONG

## SAKOP NG BATAS

Lahat ng mga **pribado at pampublikong lupain at pinagkukunang yaman sa bansa na mula sa pagmamay-ari ng pamahalaan at sinumang tao**, natural man o juridical ang pagkakakilanlan sa batas.

## PAGBUBUO NG NATIONAL LAND USE COMMISSION

Tangan ang kapangyarihan ng pagiging pinakamataas na *policy-making body* pagdating sa pagtatakda ng gamit sa lupa at ang responsibilidad na pag-ugnayin ang mga lokal na plano ng pag-gamit sa lupa at pagsisiguro ng implementasyon nito, ang Komisyon ay binubuo ng mga sumusunod:

1. Commissioner ng NLUC bilang Chairperson;
2. Kalihim ng NEDA bilang Vice-Chairperson; at
3. Mga Kalihim ng DENR, DHSUD, DA, DAR, DPWH, DILG, mga kinatawan mula sa League of Provinces, Cities and Municipalities, at Chairperson ng NCIP bilang mga ex-officio members.

## PAGBUBUO NG NATIONAL PHYSICAL FRAMEWORK PLAN

Ito ay **gagabay sa plano ng pag-gamit ng mga lupain at pisikal na pinagkukunang yaman sa pambansang antas**. Ito ay may takdang panahon na 30 na taon at dadaan sa pagtatasa tuwing 10 taon.

Inaatasan rin ang mga lokal na pamahalaan na bumuo ng kanilang lokal na balangkas tulad ng Regional at Provincial Framework and Development Plans at Comprehensive Land Use Plans (CLUPs). Nakasaad sa panukalang batas na **ang mga lokal na balangkas at plano na ito ay dapat pag-ugnayin sa isa't-isa at sa pambansang plano**.

## LAND USE PLAN PARA SA MGA LUPAING KATUTUBO

Ito ay **bubuuin mismo ng mga Indigenous Cultural Communities (ICCs) at mga katutubo ayon sa kanilang mga pangangailangan at tradisyon**. Ito ay isasaalang-alang at pag-uugnayin sa mga mga lokal at pambansang framework at development plan na nabanggit.

## IMPLEMENTASYON NG BATAS

Upang masiguro ang wasto at istriktong pagpapatupad ng batas, nakasaad sa ilang probisyon nito ang mga **parusa at multa sa mga kapabayaan tulad ng hindi pagbuo at pagpapatupad ng mga CLUP** at **mga paglabag sa batas tulad ng iligal na pagpapalit ng gamit ng lupa (illegal land conversion) at hindi pagbabayad ng Disturbance Compensation para sa mga magsasaka, magbubukid, at iba pang nagsasaka na apektado dahil sa conversion ng lupang sakahan.**

# ANONG MAGAGAWA MO?

Kasabay ng pangangampanya ng mga kandidato ngayong Eleksyon 2025, **ikampanya natin ang NLUA bilang prayoridad na polisiya**.

**Ihalal ang mga kandidato na magsusulong sa wasto at angkop na pag-gamit sa lupa at likas yaman ng bansa!**

*Ang mga pananaw na nakapahayag sa dokumentong ito ay hindi kagyat na sumasalalim sa polisiya ng SIDA, We Effect, at ILC.*


©Palu Malerba from Pexels